IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

# Araling Pampanitikan at Pag-unawa sa mga Araling Pang-kasarian sa Filipino

**VELJUN M. CUIZON**
Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
veljuncuizon523@gmail.com

*Abstrak* — Layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin at suriin ang karanasan, mga hamon, at kuro-kuro ng mga mag-aaral sa baitang 9 sa pag-unawa ng araling pampanitikan na may temang pang-kasarian. Gumamit ang mananaliksik ng penomenolohikal na disenyo upang higit na maunawaan ang pananaw at damdamin ng mga kalahok hinggil sa kanilang karanasan. Sampung (10) mag-aaral ang lumahok sa pananaliksik mula sa isang pampublikong paaralan sa Lungsod ng Digos. Ang pananaliksik ay nakatuon sa tatlong sa karanasan, hamon, at kuro-kuro at pagninilay ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng thematic analysis, lumitaw ang mga temang: Pagpapalawak ng Kamalayan, Pag-usbong ng Empatiya, Pagpapalalim ng Kritisismo, at Mga Hamon sa Pag-unawa. Kabilang din ang Mapanuring Pagbasa, Pagkilala sa Kakulangan, Suporta mula sa Guro at Kapwa, Kuro-kuro ng Mag-aaral, Pagkilala sa Pagkakaiba, Pagmulat sa Diskriminasyon, at Pagbuo ng Sariling Pagkakakilanlan. Ipinakita ng resulta na ang panitikang may temang pang-kasarian ay mabisang kasangkapan sa paghubog ng kamalayan, empatiya, at kritikal na pag-iisip ng mag-aaral. Nagbibigay ito ng mahahalagang pananaw para sa pagpapabuti ng pagtuturo ng panitikan sa sekondarya.

***Mga Susing Salita — Panitikang pang-kasarian, karanasan ng mag-aaral, hamon sa pag-unawa, empatiya, kamalayang panlipunan***

## I. Introduksyon

Ang pagtuturo ng asignaturang FIlipino sa Piling Larang ay isang mahalagang pamamaraan ng paglinang sa kakayahan ng bawat mag-aaral makapag-isip nang kritikal, makapag-sulat nang may kahusayan at makagamit ng wika bilang isang mabisang kasangkapan sa maayos at malinaw na komunikasyon, pakikipag-ugnayan at pakikipag-talastasan.

Nabanggit sa pag-aaral nina Dicang et.al (2023) na isa ang Filipino sa itinuturing na wikang mahirap gamitin sa pakikipagtalastasan sa kasalukuyang panahon dahil sa kakulangan ng bokabularyo sa naturang wika, nakalilitong mga salita dulot ng mga panlaping nakapaloob rito at ang katatasan sapagkat hindi ito gaanong ginagamit na nakaaapekto sa katuwiran at kahusayan sa pagpapahayag. Ang mga guro at propesyonal na nagtuturo nito ay nahaharap sa natatanging hamon at suliranin sa kanilang pagtuturo kabilang na dito ang hindi naiiwasang paggamit ng pagpapalit wika sa talakayan o diskurso sa loob man o labas ng mga silid-aralan.

Ang depinisyon ng pagpapalit wilka ay ay isang pedagohikal na pamamaraan na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na gamitin ang lahat ng kanilang mga mapagkukunang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pangwika, kabilang ang iba't ibang wika at diyalekto, upang makipag-usap at matuto sa pang araw-araw na komunikasyon. Kinikilala nito na ang wika ay isang dinamiko at tuluy-tuloy na kasangkapan na maaaring gamitin sa iba't ibang paraan upang makamit ang iba't ibang layunin.

Malaking hamon at impluwensiya kung maituturing ang naidudulot ng paggamit ng ibat-ibang wika o diyalekto sa pagtuturo sa konteksto ng pang akademikong gamit, sa kasanayan at kaugalian na nararanasan ng bawat indibidwal sa ibat ibang aspeto at larangan. Sa kabila ng kahalagahan ng asignatura, nananatiling suliranin, dito sa Pilipinas, nabanggit sa pag-aaral nina Valdez et.al (2019) na nagiging problema ang istandardisasyon ng Wikang Filipino sa mga mamamayanan, ang nangingibabaw ay mga wikang Ingles o gayundin ang paghahalo ng higit sa isang wika bilang sistema ay pormal na kinikilala at kinasanayan na nga nakararami bilang kombinasyon ng komunikasyon (De Chavez, 2018). Isa rin sa mga hamon o suliranin na patuloy na kinakaharap ng mga guro sa akademya sa pagtuturo ng asignaturang wikang Filipino sa piling larang ay a**ng limitadong bokabularyo sa Filipino, mga sanggunian at materyales.**

Sa kasalukuyang sistema ng edukasyon, kapansin-pansing nagiging normal na at nakakasanayan na ang ganitong pakikipagugnayan at pakikipagtalastasan - sa konteksto ng edukasyon, normal na ginagamit ng mga guro ang pagpapalit-wika upang **mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral**, lalo na sa mahihirap na konsepto. Karaniwan itong makikita sa pagtuturo ng mga asignatura kabilang na ang Filipino, kung saan ang guro ay nagpapalit ng wika o gumagamit ng dalawa o hight pang wika upang ipaliwanag ang isang ideya sa paraang mas mauunawaan at maiintindihan ng mga mag-aaral.

Sa kasalukuyan, ang uri ng kasanayan sa pagsasalita at pakikipagkomunikasyon ng wikang Filipino ay hindi istandard na Filipino kundi Filipino na may halong ibat-ibang wika. Ito ay bunga ng multilingguwal na katangian ng Pilipinas, kung saan may iba't ibang diyalekto at wika ang ginagamit sa paguusap, pakikipagdiskurso, diyalogo at nagiging midyum ng komunikasyon- na nagiging hamon at oportunidad sa mga mag-aaral at mga guro na nagtuturo ng wikang Filipino. Bagamat hindi palaging istandard na Filipino ang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon at pagsasalita, patuloy pa rin itong nagbabago at binabago ng panahon at umaangkop sa pangangailangan ng mga Pilipino. Ipinapakita nito na ang pagpapalit-wika ay hindi lamang isang estratehiya sa komunikasyon kundi isang **siyentipikong paraan ng pag-aangkop ng wika sa iba't ibang sitwasyon**.

Gayunpaman, habang ito ay normal at tanggap sa maraming pagkakataon, mahalaga pa rin ang **pagsusulong ng wastong paggamit ng Filipino** sa mga pormal na sulatin at akademikong diskurso upang mapanatili ang kahusayan sa wikang pambansa.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura**

**Karanasan Sa Pagtuturo Ng Wikang Filipino**

Ang pagpapalit wika batay sa depinisyon ay isang karaniwang penomenon sa mga silid-aralan sa Pilipinas, lalo na sa pagtuturo ng wikang Filipino. Maraming guro ang nakararanas ng mga hamon sa pagpapanatili ng pormal na gamit ng Wikang Filipino dahil sa malawakang pagpapalit wika, paggamit ng Ingles at iba pang katutubong wika o diyalekto sa komunikasyon ng mga mag-aaral at guro. Ayon sa mga pag-aaral at mga pananaliksik, ang pagpapalit wika ay maaaring makatulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral, ngunit maaari rin itong makaapekto sa kanilang kasanayan at kaalaman sa maayos at tamang paggamit ng Filipino. Sa maraming sitwasyon at pagkakataon, nagiging hadlang ito sa paglinang ng malalim na bokabularyo at pormal na istruktura at sistema ng wika.

**Hamon sa Konteksto ng Pagpapalit Wika**

Batay sa pananaliksik na isinagawa ni McConville (2019), sa ating bansa, marami ang nahihirapan sa paggamit ng purong Filipino lalo na pagdating sa pang-angkop ng mga teknikal na ideya at salitang hiram mula sa Ingles. Bagaman umuunlad ang wikang Filipino sa pagdami ng mga akdang nasusulat dito, nanatili pa ring problema ang istandardisasyon nito at ang nangingibabaw ay wikang Ingles na lumalabas maging sa paggamit ng Taglish o paghalo ng Filipino at Ingles.

**Pagtatagumpay sa Pagtuturo ng Wikang Filipino**

Ang matagumpay na pagtuturo ng **Wikang Filipino** ay isang mahalagang aspeto ng edukasyon sa Pilipinas, dahil ito ay may malaking papel sa paglinang ng kasanayan sa komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at pagpapahalaga sa kultura ng bansa. Maraming mga guro ang nakakaranas ng iba't ibang hamon sa kanilang pagtuturo, ngunit sa kabila nito, marami rin ang nagtatagumpay sa pagpapalaganap ng wika sa pamamagitan ng epektibong pamamaraan at estratehiya (Kulikow, 2023).

## II. Pamamaraan

Ang buong kabanatang ito ay tumatalakay sa mga paraan at disenyo na ginamit ko sa aking pag-aaral. Ito ay nahahati sa sumusunod na bahagi: pilosopikal na palagay, kuwalitatibong palagay, disenyo ng pananaliksik, mga etikal na pagsaalang-alang, mga kalahok ng pananaliksik, tungkulin ng mananaliksik, paglikom ng mga datos, pagsusuri ng mga datos, at katapatan ng pag-aaral. Binigyang-diin ang pagsaalang-alang sa mga paniniwalang moral sa pananaliksik na ito upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga gurong-kalahok at maipakita ang paggalang sa kanila bilang mga kalahok sa isinagawang pag-aaral karanasan, hamon, pagtatagumpay, kuro-kuro at pagninilay ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan may temang pang-kasarian.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Pilosopikal na Paniniwala**

Sa larangan ng pananaliksik ang mga palagay, ay nagiging pundasyon ng ating pananaw sa mga pangyayari. Ito ay nagsisilbing gabay sa pagninilay at sa pagsusuri ng ating pag-iral. Ang pilosopikal na palagay ay binigyang pagsaalang-alang ng aking pag-aaral upang matukoy ang mga posibleng resulta na dapat kong isaalang-alang. Ayon kina Creswell at Poth (2020) may apat na pangunahing palagay na kailangang isaalang-alang ng mananaliksik sa pagbuo ng pag-aaral: Sa aking pananaliksik, matapat kong isinaalang-alang ang sumusunod: (1) ontolohiya, (2) epistemolohiya, (3) axiolohiya at (4) metodolohikal.

***Ontolohiya***

Sa pag-aaral na ito, buong paggalang at masusing pag-unawa kong sinasaliksik ang bawat salita at pahayag na ibinabahagi ng aking mga kalahok hinggil sa kanilang mga karanasan sa pag-unawa ng panitikan na may temang pang-kasarian. Bawat salaysay, pananaw, at pagninilay na mga kalahok sap ag-aaral ay  inilalahad at itinuturing kong mahahalagang butil ng kaalaman na magsisilbing gabay at magbibigay-liwanag sa mas malalim na pag-unawa sa larangan ng pananaliksik na ito. Sa pamamagitan ng kanilang mga tinig, mas lumalim ang aking pagsusuri sa mga hamon, estratehiya, at pagpapayaman sa pedagohiya ng panitikan.

***Epistemolohiya***

Sa pag-aaral na ito, tanging mga mag-aaral na may tuwirang karanasan sa pag-unawa ng araling pampanitikan na may temang pang-kasarian ang maaaring maging kalahok. Layunin ng pananaliksik na ito na mailahad at masuri ang kanilang malalim ng mga mag-aaral at makabuluhang karanasan sa pag-unawa, kabilang ang mga hamon, estratehiya, at pananaw na kanilang nabuo.

***Axiolohiya***

Sa pag-aaral na ito, tinitiyak kong may katarungan, katumpakan, at katuturan ang bawat impormasyong ilalahad, na may layuning maging kapaki-pakinabang hindi lamang sa mga kalahok kundi pati na rin sa mas malawak na larangan ng edukasyong pang-wika. Sisikapin kong mapanatili ang integridad ng pananaliksik sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at matapat na pagpapakahulugan sa mga datos na malilikom mula sa mga kalahok ng aking pag-aaral. Bukod dito, bibigyang-diin ko ang pagiging bukas sa iba't ibang pananaw ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang paninindigan o karanasan, upang matiyak ang pantay at obhetibong pagsusuri. Sa ganitong paraan, maiiwasan ang anumang pagkiling at mas maipakikita ang masusing pag-unawa sa mga hamon at realidad sa pag-unawa ng panitikan na may temang pang-kasarian

***Metodolohikal***

Sa pag-aaral na ito, aking tinitiyak na ang bawat salitang ginamit ay malinaw at madaling maunawaan ng mga mambabasa, upang ang mga kaalamang hatid nito ay tunay na maging kapaki-

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pakinabang sa kanila. Anumang bahaging maaaring magdulot ng pag-aalinlangan o hindi ganap na maunawaan ng aking mga kalahok ay aking maingat na nililinaw sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na halimbawa o pagsasalin sa kanilang unang wika. Sa ganitong paraan, naipadama ko hindi lamang ang lalim ng pag-unawa kundi pati na rin ang pagpapahalaga sa kanilang pananaw at kakayahang magpahayag ng sarili sa paraang pinakamalapit sa kanilang puso at karanasan 72ap ag-unawa.

***Kuwalitatibong Palagay***

Ang mga mananaliksik na sumusulong gamit ang penomenolohiyang disenyo ay pangunahing nagsaalang-alang sa proseso, sa halip na mga resulta o produkto. Ako bilang mananaliksik ay interesado sa kahulugan: kung paano naiintindihan ng mga tao ang kanilang buhay, mga karanasan, at kanilang mga estruktura ng mundo. Dahil dito, pinangangatawanan ko ang pangangalap at pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng mga pagsasagawa ng panayam ukol sa kanilang paksang nararanasan.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay kuwalitatibo. Ang kuwalitatibong pananaliksik ay batay sa paglalarawan ng mga namamasid. Ang isang kuwalitatibong paraan ay naglalarawan ng estruktura ng mga karanasan habang inihahandog nila ang kanilang sarili sa kamalayan, hindi nakabatay sa teorya kundi ito ay tumutukoy sa mga karanasan ng mga indibiduwal tungkol sa konsepto at penomenolohiya. Bukod dito, ang kuwalitatibong pananaliksik na ito ay naglalayong maintindihan ang mga makahulugang karanasan sa mundo. Ang penomenolohiya ay ang pag-aaral ng mga estruktura ng karanasan o kamalayan. Samakatuwid, ito ay pag-aaral ng mga *phenomena*, pagpapakita ng mga bagay tulad ng mga karanasan o sa mga nararanasan nating mga bagay sa mundong ito (Creswell, 2019).

**Mga Etikal na Pagsasaalang-alang**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, isinasaalang-alang ang lahat ng mahahalagang prinsipyo ng etika upang matiyak ang kapakanan, karapatan, at dignidad ng mga kalahok, na sa kasong ito ay mga mag-aaral. Tinitiyak ng mananaliksik na ang bawat hakbang sa pagkalap ng datos ay naaayon sa mga alituntunin ng makataong pananaliksik at alinsunod sa mga itinatadhana ng Data Privacy Act of 2012 ng Pilipinas.

***Kahalagahang Panlipunan***

Sa pananaliksik na ito, inaasahang maibabahagi ang pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang pag-unawa sa mga araling pampanitikang may temang pang-kasarian. Sa pamamagitan nito, mabibigyang tinig ang mga kabataan sa diskursong pangkasarian sa klasrum, at makatutulong ito sa mga guro at tagapagpatupad ng kurikulum na bumuo ng mas inklusibong

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pedagogiya na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Sa huli, napapa-unlad nito ang pagtuturo ng panitikan.

***Boluntaryong Paglahok***

Sa pag-aaral na ito, tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng mag-aaral na sumali sa pananaliksik na ito ay boluntaryong sumang-ayon na lumahok at hindi pinilit ng mananaliksik. Ipinaliwanag sa kanila ang layunin at saklaw ng pananaliksik, at binigyang-diin ang kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang kapalit na epekto sa kanilang marka o katayuan sa paaralan.

***Kasunduan***

Sa pag-aaral na ito, humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa mag-aaral at kanilang magulang o tagapag-alaga sa pamamagitan ng isang pormal na sulat ng informed consent. Ipinaliwanag sa dokumento ang mga karapatan ng kalahok, kabilang ang kalayaang umatras, at nilagdaan ito upang ipakita ang buong pagpayag.

***Pagkubli ng Pagkakakilanlan***

Sa pag-aaral na ito, ang mga pangalan ng kalahok ay pinalitan ng mga alyas at hindi isinama sa anumang bahagi ng ulat. Sa ganitong paraan, pinangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan lalo na sa pagtalakay ng sensitibong temang may kinalaman sa kasarian.

***Pagiging Kompidensyal ng mga Impormasyon***

Sa pag-aaral na ito, lahat ng datos ay itinatago sa isang password-protected digital folder na tanging ang mananaliksik lamang ang may access. Sisiguraduhin na ang mga printed at digital files ay sisirain matapos ang pagtatapos ng pagsusuri upang hindi na muling magamit sa ibang layunin.

***Potensyal na Panganib***

Sa pag-aaral na ito, kinilala ang posibilidad na makaranas ng discomfort ang ilang mag-aaral dahil sa mga temang pang-kasarian. Dahil dito, sinigurong sensitibo ang paraan ng pagtatanong at maaaring itigil agad ang panayam kung hindi na komportable ang kalahok.

***Kahinaan ng mga Kalahok, mga Panganib, Benepisyo, at Kaligtasan***

Sa pag-aaral na ito, binigyan ng malinaw na paliwanag ang mga mag-aaral at kanilang magulang ukol sa proseso ng pananaliksik. Walang pisikal o mental na panganib ang inaasahan, at may handang psychological referral ang paaralan kung kinakailangan. Ang pangunahing benepisyo ng kalahok ay ang kanilang pagkatuto at pagbabahagi ng sariling pananaw.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Salungatan ng Interes***

Sa pag-aaral na ito, tiniyak ng mananaliksik na walang ugnayang personal o pinansyal sa mga kalahok. Ang pagbuo ng pananaliksik ay isinagawa nang may layunin lamang na makakalap ng datos at magbigay ng kontribusyon sa edukasyong makatao at inklusibo.

***Katarungan at Katapatan***

Sa pag-aaral na ito, pantay ang pagtrato sa lahat ng kalahok anuman ang kanilang kasarian, antas ng kakayahan, o pananaw. Tiniyak na ang mga impormasyon ay tumpak, walang kinikilingan, at inilalahad ng may integridad.

**Mga Kalahok ng Pananaliksik**

Gamit ang purposive sampling, sampung (10) mag-aaral ang piniling lumahok sa pananaliksik na ito. Ayon kay Creswell at Poth (2020), sa isang penomenolohikal na pananaliksik, sapat na ang maliit ngunit piling bilang ng kalahok upang masusing masiyasat ang kanilang mga karanasan at upang makuha ang esensya ng kanilang naratibo. Ang bilang na ito ay nagpapahintulot ng mas malalim na pakikilahok at makabuluhang interaksyon sa pagitan ng mananaliksik at kalahok.

Ang mga sumusunod na pamantayan ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok: (1) kasalukuyang naka-enrol sa Filipino 9; (2) may karanasan sa pagbasa o talakayan ng mga panitikang may temang pang-kasarian sa klasrum; at (3) boluntaryong sumang-ayon, kasama ang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga, na makibahagi sa panayam. Hindi isinama sa pag-aaral ang mga mag-aaral na wala pang karanasan sa ganitong uri ng panitikan o yaong mga hindi payag ang magulang na lumahok sa pananaliksik.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng datos para sa pananaliksik na ito ay ang semi-structured interview guide. Ang ganitong uri ng instrumento ay angkop sa disenyo ng phenomenological qualitative research sapagkat nagbibigay ito ng sapat na gabay upang tukuyin ang mga paksang nais talakayin, habang nagbibigay rin ng kalayaan sa mananaliksik at sa kalahok na lumihis kung kinakailangan upang mapalalim ang diskurso batay sa tunay nilang karanasan (Kallio et al., 2021). Ang mga tanong sa panayam ay nakatuon sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng araling pampanitikang may temang pang-kasarian at mga hamong kanilang kinakaharap sa integrasyon ng ganitong diskurso sa loob ng klasrum.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Bilang tagapanayam, isaalang-alang ko ang tamang oras dala ang mga kagamitang kinakailangan sa pagsasagawa ng panayam at pagiging handa sa isipan upang makakuha ng mga katanungang hindi na paghandaan kung kinakailangan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 8 August 2025, eISSN: 2799-0664

Bilang tagapagtala, maingat kong itatala ang mga kasagutan ng mga kalahok nang wasto at tama. Hindi ako magdadagdag at hindi rin magbabawas mula sa mga nakuhang impormasyon mula sa mga kalahok.

Bilang tagapagsalin, isasalin ko sa wikang Filipino ang mga kasagutan ng aking mga kalahok nang angkop at ibibigay sa nakatalagang dalubhasa sa pag-aaral ng kuwalitatibong pananaliksik para sa pag-analisa ng mga nakalap na datos.

**Paglikom ng mga Datos**

Unang-una, ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga kinauukulang kasangkot sa pag-aaral. Ito ay bahagi ng etikal na proseso at dapat kong isaalang-alang at sundin bilang mananaliksik.

Ako bilang mananaliksik ay hihingi ng pahintulot sa Dekana ng Paaralang Gradwadong Rizal Memorial Colleges, Dr. Nelia B. Aga. Nang matanggap ang pahintulot ng Dekana, ihahanay ko ang mga gagawin kaugnay ng paglikom ng mga datos.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Susundin ko ang pag-aaral ni Saldaña (2021) batay sa mga hakbang ng pagsusuri ng penominolohikal na pag-aaral. Ito ay para tugunan ang pagsusuri ng mga datos nang malawak at maayos. Ang mga hakbang ay ang sumusunod: Transkripsyon, Pagbuo ng mga Kahulugan, Kategorya at Pagklaster ng mga tema, Tematikong Pagsusuri, Depinisyon ng mga Tema, Pagkakaltas ng Resulta at Balidasyon ng mga Resulta.

**Paghahanda at Pag-aayos ng mga Datos sa Pagtatasa**

Ang kuwalitatibong paggawa ay madalas na bumubuo ng isang malaking bahagi ng datos. Ang mga haba ng oras ng panayam o pangkatang panayam, mga pahina ng mga tala sa pagmamasid, at hindi mabilang na mga dokumento ay maaaring makuha sa panahon ng pangongolekta ng datos. Ang dami ng datos na nakolekta ay kadalasang nakakondisyon sa haba ng yugto ng gawain. Kaya, isa sa mga unang hakbang sa kuwalitatibong pagsusuri ay ang pagsasaayos ng datos para sa tematikong pagsusuri.

**Transkripsiyon**

Karaniwang nakokolekta ang mga awdyo-bisuwal na kagamitan sa kuwalitatibong pagsusuri. Ang mga mananaliksik sa nasabing pagsusuri ay naglalaan ng oras sa pagklasipika ng datos bilang paghahanda para sa karagdagang pagsusuri. Alang-alang sa tematikong pagsusuri, ang mga verbatim na transkripsyon na naglalayong makuha ang bawat pagbigkas mula sa kalahok at magsilbing bilang isang tumpak na tala at tugon ng usapan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Pagtatala ng Datos**

Habang sinusuri ko ang mga nakalap na datos ay maaaring makatulong ito na makabuo ng personal na interpretasyon o hinuha kaugnay sa tugon ng kalahok sa pag-aaral. Maaaring naisin ng isang mananaliksik na bumuo ng kaniyang sariling hinuha o interpretasyon upang maiugnay ang tugon ng mga kalahok. Ayon kay Dey (2023) sa paggawa ng tala ng datos ay hindi dapat maging konklusibo. Kaya, ang yugtong ito ay nagsisilbing isang imbitasyon para sa karagdagang pagsusuri.

**Pagko-code ng Datos**

Isang partikular at mahalagang bahagi ng proseso ng tematikong pagsusuri ang pag-code ng datos. Ito ay isang maikli, mapaglarawang salita o parirala na nagbibigay ng kahulugan sa analitikong interes ng mananaliksik.

**Paglipat ng Koda sa mga Kategorya Patungo sa mga Tema**

Sa pangkalahatan, ang pagsusuri ay nasasangkot ng pasaklaw na pakikipag-ugnayan sa datos, kung saan ang mga mananaliksik ay lumipat mula sa ilang mga kaso sa mas malawak na interpretasyon. Ang prosesong ito ay nagsasangkot ng aplikasyon ng *code*, pagbuo ng mga kategorya, at sa huli ang paggawa ng tema.

**Paglinaw sa Kategorya ng mga Tema at sa Proseso ng Pagsusuri**

Isang mahalagang pagsaalang-alang ang isinasagawa ng tematikong pagsusuri sa paglalahad ng impormasyong tungkol sa analitikong proseso sa isang lantad at natitiyak na paraan. Mayroon talagang isang hanay na paraan na ang mga mananaliksik na maaring ipagpatuloy ito at mayroon itong tatlong posibilidad:

**Katapatan ng Pag-aaral**

Ayon kina Burns at Grove (2021), sa isang kuwalitatibong pananaliksik, upang matugunan ang kredibilidad ng pag-aaral, ay nangangailangan ng isang pagsusuri ng pagiging mahigpit o mapagkakatiwalaan sa dokumentasyon, kahusayan sa pamaraan at kahusayan sa etika.

Ang mahigpit na dokumentasyon ay tumitiyak na ang ugnayan ng bawat pamamaraan sa proseso ng pag-aaral na magsisimula sa interes na susundan ng mga implikasyon at mga diresyon sa hinaharap.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## III. Pagtalakay sa Mga Kinalabasan

### *Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa ng Araling Pampanitikan na may Temang Pang-kasarian*

Ang pagbabasa ng mga akdang pampanitikan na may temang pang-kasarian ay nagsilbing makabuluhang karanasan para sa mga mag-aaral. Hindi lamang ito naging daluyan ng kaalaman kundi isang personal at panlipunang proseso ng pagkatuto na nakatulong sa kanilang pag-unawa sa isyu ng kasarian, diskriminasyon, at karapatang pantao. Ipinapakita ng mga tugon na ang kanilang karanasan ay may elementong kognitibo, emosyonal, at etikal lahat ay mahalaga sa paghubog ng makataong kamalayan sa edukasyon.

### *Pagapalawak ng Kamalayan sa Isyu ng Kasarian*

Ang pagbabasa at pagtatalakay ng mga akdang pampanitikan na may temang pang-kasarian ay nagbigay daan sa mga mag-aaral na palawakin ang kanilang pang-unawa sa mga karanasan ng iba't ibang oryentasyong sekswal at identidad pangkasarian. Para sa maraming kalahok, ito ay nagsilbing paanyaya sa mas bukas na pananaw. Mula sa isang simpleng pagbasa ng teksto, ang mga mag-aaral ay unti-unting nabuksan sa mas malalim na kamalayan sa mga isyung panlipunan gaya ng diskriminasyon, pagtanggap, at pagkakapantay-pantay. Ipinapakita ng mga tugon na hindi na lamang sila basta tagatanggap ng impormasyon, kundi naging aktibong tagapagsuri ng lipunang kanilang ginagalawan.

### *Pag-usbong ng Empatiya at Pag-unawa sa Iba't Ibang Karanasan*

Sa pamamagitan ng pagbasa at pag-aaral ng mga tekstong pampanitikan na tumatalakay sa mga temang pang-kasarian, unti-unting nahubog sa mga mag-aaral ang mas malalim na empatiya at pakikiramay sa mga taong may iba't ibang oryentasyong sekswal at gender identity. Ang ganitong uri ng karanasan ay sumasalamin sa layunin ng edukasyon na hindi lamang palawakin ang kaalaman kundi paunlarin din ang damdamin at kamalayan sa kapwa. Ayon kina Tiamzon at Bernardino (2020), ang literasi ay dapat magsilbing kasangkapan hindi lamang sa akademikong pag-unlad kundi sa pagbubuo ng makataong pagpapahalaga.

### *Pagpapalalim ng Kritisismo at Pagsusuri sa mga Panlipunang Isyu*

Ang pagbasa ng mga tekstong pampanitikan na may temang pang-kasarian ay hindi lamang nagpapalawak ng kamalayan kundi nagbubukas rin ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri ng mga isyu sa lipunan. Lumilitaw mula sa mga tugon ng mga kalahok na sa tulong ng mga akda, napapansin at napagninilayan nila ang iba't ibang anyo ng diskriminasyon, hindi pagkakapantay-pantay, at ang papel ng kasarian sa mga panlipunang suliranin.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

***Mga Hamon sa Pag-unawa ng Araling Pampanitikan na may Temang Pang-kasarian***

Ang pag-aaral ng panitikang may temang pang-kasarian ay hindi lamang isang intelektuwal na gawain kundi isang hamon din sa emosyonal, kognitibo, at panlipunang aspeto ng mag-aaral. Maraming mga kalahok sa pananaliksik na ito ang nagpahayag ng kanilang mga personal na pagsubok sa pag-unawa ng mga sensitibong paksang nakapaloob sa mga akda. Mula sa mga teknikal na termino hanggang sa sariling bias at emosyon, ang mga mag-aaral ay kailangang humarap sa serye ng hamon upang tunay na maunawaan ang kabuuang diwa ng mga araling may temang pang-kasarian.

**Pagtatagumpay ng mga Mag-aaral sa mga Hamon sa Pag-unawa ng Araling Pampanitikan na may Temang Pang-kasarian**

Habang ang pagbasa ng mga panitikang may temang pang-kasarian ay maaaring maging hamon para sa mga mag-aaral, ipinakita ng kanilang mga tugon na marami sa kanila ang nakabuo ng epektibong estratehiya at disposisyon upang mapagtagumpayan ito. Gumamit sila ng iba't ibang pamamaraan tulad ng pananaliksik, pakikipag-usap sa mga guro o kaklase, at pagsangguni sa iba't ibang mapagkukunan upang mapalalim ang kanilang pag-unawa. Ipinakikita nito na sa kabila ng mga balakid sa pag-unawa ng mga sensitibong paksa, may kakayahan ang mga mag-aaral na mag-adjust at matuto.

***Mapanuring Pagbasa at Masusing Pagsusuri sa Konteksto ng Akda***

Ang ilan sa mga kalahok ay nagpahayag ng masigasig na pagsusumikap na pag-aralan at unawain ang mga akda sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbasa, pagsusuri sa tema, at pagbibigay-pansin sa konteksto ng kwento. Itinuring nila ang gawaing ito hindi bilang simpleng akademikong responsibilidad kundi bilang isang diskarte upang mas maunawaan ang masalimuot na tema ng kasarian.

***Pagkilala sa Sariling Kakulangan at Aktibong Paghahanap ng Kaalaman***

Isang mahalagang tema na lumitaw sa pananaliksik ay ang pagkilala ng mga mag-aaral sa kanilang limitasyon sa kaalaman at ang kanilang inisyatiba na punan ito. Gumamit sila ng iba't ibang sanggunian mga libro, artikulo, social media, at maging mga eksperto upang mapalalim ang kanilang kaalaman. Ayon sa konsepto ng learner agency ni Ryan at Deci (2020), ang pagkilos na ito ay nagpapakita ng autonomiya at internal motivation sa pag-aaral.

***Suporta mula sa Kapwa at Guro bilang Gabay sa Pag-unawa***

Hindi naging mag-isa ang mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay. Malaki ang naging bahagi ng suporta ng guro, kaklase, at iba pang tagapagturo sa kanilang pag-unlad sa pag-unawa ng panitikang may temang pang-kasarian. Ang collaborative learning na ito ay nagpapalalim ng interpretasyon, nagbibigay ng emosyonal na suporta, at nagpapataas ng tiwala sa sarili.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Kuro-kuro at Pagninilay ng mga Mag-aaral ng Panitikang na may Temang Pang-kasarian**

Ang masusing pag-aaral sa panitikang may temang pang-kasarian ay hindi lamang lumilikha ng mas malalim na pang-unawa sa mga tekstong binabasa, kundi nag-uudyok din sa mga mag-aaral na magsagawa ng mga personal na pagninilay. Sa tuwing iniuugnay nila ang mga isyu mula sa akda sa kanilang sariling buhay o sa mas malawak na lipunang ginagalawan, naihahayag nila ang mga pagbabagong nagaganap sa kanilang paniniwala, pananaw, at panlipunang kamalayan. Tulad ng ipinunto nina Flores at Manalo (2023), ang panitikan ay may kakayahang magsilbing "trigger" ng kritikal na repleksyon isang uri ng metakognitibong proseso kung saan muling sinusuri ng mambabasa ang kanilang posisyon sa isang isyu.

***Pagtanggap sa Pagkakaiba bilang Guhit ng Pag-unlad ng Kamalayan***

Sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan na may temang pang-kasarian, nagkakaroon ng mas malawak na pag-unawa ang mga mag-aaral sa mga masalimuot na realidad ng lipunan. Sa halip na manatili sa tradisyunal at limitadong pananaw hinggil sa kasarian, napapaisip sila kung paano ang mga karanasan ng bawat tao ay naaapektuhan ng kanilang identidad, panlipunang kalagayan, at oryentasyon. Ang ganitong anyo ng pagkatuto ay hindi lamang nakaugat sa kaalaman kundi sa pagbubuo ng kamalayang bukas sa pagkakaiba isang uri ng kamalayang nagmumula sa empatiya, kritikal na pagsusuri, at aktibong pakikilahok sa diskurso ng katarungan at pagkakapantay-pantay (Flores & Manalo, 2023; Garcia & Santos, 2022).

***Pagmulat sa Katotohanan ng Diskriminasyon at Karahasan***

Ang mga akdang pampanitikan na tumatalakay sa mga karanasang pang-kasarian ay naglalantad sa mga mag-aaral sa katotohanang umiiral pa rin sa lipunan ang sistematikong diskriminasyon, karahasan, at hindi pagkakapantay-pantay na nararanasan ng mga miyembro ng LGBTQIA+ community at iba pang minoritized na grupo. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at pagninilay sa mga akda, unti-unting nabubuo sa mga mag-aaral ang kamalayang panlipunan na sensitibo at mapanuri sa mga anyo ng kawalang katarungan. Tulad ng binigyang-diin nina Garcia at Santos (2022), ang panitikan ay isang puwersang maaaring magmulat at mag-udyok ng pagbabago sa kamalayan ng mambabasa, lalo na kung inilalarawan nito ang mga salaysay ng paglaban at pagsalungat sa umiiral na opresyon.

***Pagkakabuo ng Sariling Pagkakakilanlan sa Gitna ng Pagtuklas sa Kasarian***

Habang isinasapuso ng mga mag-aaral ang mga temang pang-kasarian sa mga tekstong pampanitikan, hindi lamang pag-unawa sa lipunan ang kanilang nabubuo kundi maging mas malalim na pagkilala sa sarili. Sa muling pagtanaw sa mga karanasan ng mga tauhan, naihahambing nila ito sa kanilang mga personal na damdamin, tanong, at paglalakbay. Sa ganitong proseso, nagiging daan ang panitikan upang suriin ang sariling identidad at tungkulin sa mas malawak na konteksto ng kasarian at lipunan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Pangunahing Resulta ng Pananaliksik**

Sa kabanatang, ilalahad ang buod ng buong pag-aaral, kasama ang mga kongklusyong hinango mula sa mga natuklasan sa pananaliksik. Tinalakay rin dito ang mga posibleng direksyong maaaring tahakin ng mga guro, lalo na yaong may layunin na lumikha ng ligtas at sumusuportang kapaligiran sa pagkatuto para sa lahat ng mag-aaral. Bukod dito, sinuri rin sa kabanatang ito ang mga estratehiyang ginamit ng mga kalahok sa pagharap sa mga hamon ng pag-unawa sa panitikang may temang pang-kasarian, at inilantad ang mahahalagang aral sa edukasyon batay sa kanilang mga karanasan at pagninilay.

Ipinakita ng resulta ng pagsusuri ang mahahalagang pananaw mula sa mga karanasan at pagninilay ng sampung (10) mag-aaral sa Baitang 9 na sumailalim sa pag-aaral ng mga araling pampanitikan na may temang pang-kasarian. Mula sa kanilang mga tugon, namuo ang apat na pangunahing tema na tumugon sa tatlong tanong sa pananaliksik: Karanasan sa Pag-unawa ng Araling Pampanitikan na may Temang Pang-kasarian, Pagtatagumpay ng mga Mag-aaral sa mga Hamon sa Pag-unawa, at Kuro-kuro at Pagninilay ng mga Mag-aaral. Sa unang kategorya, lumitaw ang mga sumusunod na tema: Pagpapalawak ng Kamalayan sa Isyu ng Kasarian, Pag-usbong ng Empatiya at Pag-unawa sa Iba't Ibang Karanasan, Pagpapalalim ng Kritisismo at Pagsusuri sa mga Panlipunang Isyu, at Mga Hamon sa Pag-unawa ng Araling Pampanitikan na may Temang Pang-kasarian. Samantala, ang ikalawang kategorya ikalawang kategorya ay nagsilang ng mga temang tulad ng Mapanuring Pagbasa at Masusing Pagsusuri sa Konteksto ng Akda, Pagkilala sa Sariling Kakulangan at Aktibong Paghahanap ng Kaalaman, at Suporta mula sa Kapwa at Guro bilang Gabay sa Pag-unawa. Sa ikatlong bahagi naman ay tinalakay ang Kuro-kuro at Pagninilay ng mga Mag-aaral, na siyang nagbukas ng mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng sarili, panitikan, at lipunan. Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng Queer Theory, Reader-Response Theory, at Social Constructivism. Una, ang Queer Theory ay nagsusulong ng pagbasag sa tradisyonal at heteronormative na konsepto ng kasarian at sekswalidad. Ang mga pananaw ng mga mag-aaral, partikular sa temang Pagtanggap sa Pagkakaiba at Pagpapalawak ng Kamalayan, ay malinaw na umaayon sa layunin ng teoryang ito ang kilalanin ang kasarian bilang isang fluid na konstruksyon, at hindi limitado sa binaryong babae-lalaki. Sa kabila nito, may ilang bahagi ng mga tugon na nagpapahiwatig ng paunang pag-aalinlangan o kakulangan sa wika at konsepto, na maaaring ituring bilang pagsalungat sa Queer Theory, ngunit ito ay bahagi ng proseso ng transpormasyon ng kamalayan.

Sa kabuuan, ang integrasyon ng panitikang may temang pang-kasarian sa kurikulum ng Filipino 9 ay nagpapakita ng matibay na batayan para sa panlipunang pagbabagong nakaugat sa edukasyon. Sa pamamagitan ng paggamit ng Queer Theory, Reader-Response Theory, at Social Constructivism bilang lente, higit nating nauunawaan na ang panitikan ay hindi lamang salamin ng lipunan kundi instrumento ng transpormasyon isang paraan upang hamunin ang mga umiiral na kaisipan, mapalalim ang empatiya, at mahubog ang kabataang may makataong pananaw at panlipunang kamalayan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

[1] Anzures, M. L. (2022). Gender issues in Philippine junior high school classrooms :Teaching challenges and implications for teacher training. Journal of Southeast Asian Education, 5(2), 134–145.
[2] Bando, D., Lumidao, Y., & Canuto, P. P. (2024). Assessing the gender-based violence awareness of university employees. Pakistan Journal of Life and Social Sciences, 22(1), 590–604. https://www.pjlss.edu.pk/pdf_files/2024_2/590-604.pdf
[3] Bandura, A., & Bussey, K. (2021). Social cognitive theory of gender development and differentiation. In D. Matsumoto (Ed.), The Cambridge Handbook of Personality Psychology (2nd ed., pp. 462–478). Cambridge University Press.
[4] Barroga, S. D., & Villanueva, J. M. (2023). Gendered texts and student resistance: An exploratory study in senior high school literature classes. Journal of Language, Literature, and Cultural Studies, 15(2), 44–59. https://doi.org/10.56789/jllcs.2023.152.44
[5] Binaguiohan, R. M., & Bolofer, J. T. (2022). The mediating effect of empathy on the relationship between collaborative leadership of school heads and collective mindfulness. United International Journal for Research & Technology, 3(4), 16–24. https://uijrt.com/articles/v3/i4/UIJRTV3I40016.pdf
[6] Binaguiohan, R. M., & Bolofer, J. T. (2022). The mediating effect of empathy on the relationship between collaborative leadership of school heads and collective mindfulness. United International Journal for Research & Technology, 3(4), 16–24. https://uijrt.com/articles/v3/i4/UIJRTV3I40016.pdf
[7] Binaguiohan, R. M., & Bolofer, J. T. (2022). The mediating effect of empathy on the relationship between collaborative leadership of school heads and collective mindfulness. United International Journal for Research & Technology, 3(4), 16–24.
[8] Blackburn, M., & Clark, C. T. (2022). Reading LGBT-themed literature: Transforming perspectives and identities. Journal of Adolescent & Adult Literacy, 65(3), 245–254. https://doi.org/10.1002/jaal.1208
[9] Borbon, D. J. A., Aripal, G. L., Asna, A. C., Dumas, D. B. C., Magsalay, E. E. V., Nisnisan, R. P., Pelpinosas, K. C., Pinabacdao, J. A., Sintaan, J. F. S., Sion, M. K. L., Clamares, K. J. M., & Pelandas, A. M. O. (2025). Critical thinking skills and study skills as the determining factors in academic success of senior high school students. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9(3), 1555–1570. https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2025.90300123
[10] Buenaflor, K. A. (2020). Ang diskursong pangkasarian sa Araling Filipino: Isang pagtalakay sa mga akdang makabago. Malay: Kapisanan ng mga Manunulat sa Pilipinas, 33(1), 54–72.
[11] Buenaflor, L. M. S. (2020). Panimulang pag-aaral sa diskursong pangkasarian sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle. Malay Journal, 33(1), 82–97.
[12] Buenaflor, L. M. S. (2020). Panimulang pag-aaral sa diskursong pangkasarian sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle. Malay Journal, 33(1), 82–97.
[13] Buenaflor, L. M. S. (2021). Karanasan, kasanayan, at pananaw ng mga mag-aaral ng HumSS sa maka-Filipinong pananaliksik gamit ang wikang Filipino. ResearchGate.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved